REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 88- 60

KAPASIYAHAN NA ITINATAKDA ANG IKA-4 NG BUWAN NG PEBRERO NG BAWAT TAON BILANG "ARAW NG KALAYAAN NG BAYAN NG MUNTINLUPA".

SAPAGKAT, ang ika-apat na araw ng buwan ng Pebrero ng taong 1945 ay ang dakila at makasaysayang araw ng pagkakalaya ng Bayan ng Muntinlupa sa mga mananakop na Hapones noong nakaraang Ikalawang Digmaang Pandaigdig;

SAPAGKAT, ang mga magigiting na lalaki na nagkaloob ng walang pasubali ng kanilang dugo at buhay para sa kalayaan ng Bayan ng Muntinlupa ay dapat lamang na pahalagahan at parangalan bilang mga bayani ng ating bayan;

SAPAGKAT, ang pag-alaala at pagkilala sa napakahalagang araw ng ika-4 ng Pebrero ay upang panatilihin at sariwain ang diwa ng kagitingan at pusong pagkamakabayan ng bawat taong nagbigay ng kanyang pagmamahal at pagmamalasakit para sa bayan maging kapalit man ito ng kanilang buhay mapigil lang ang sumisikil sa kalayaan ng bawat mamamayan;

SAPAGKAT, ang paggunita ng araw na ito ay upang ipamulat sa mga susunod pang salinlahi na ang kagitingan ng mga taong ito'y maging halimbawa na dapat tularan;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila ay napagpasiyahan at pinagpasiyahan pang muli na itakda ang ika-4 ng Pebrero ng bawat taon bilang "Araw ng Kalayaan ng Bayan ng Muntinlupa."

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng lahat ng kasapi ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang pangtatlumpu't tatlong pangkaraniwang pulong na ginanap noong ika-17 ng Oktubre, 1988.

ATTY. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan/Pangulong Opisyal

ATTY. JAIME R. FRESNEDI
~~Pang~~. Punongbayan/Pang. Pangulong Opisyal

KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN



KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

RRC:vts